



Republic of the Philippines

Department of Education

Region _____

_____ ELEMENTARY SCHOOL

FOURTH PERIODICAL EXAMINATION

TABLE OF SPECIFICATIONS IN AP 4

Learning Competencies	Item Place ment	No. of Ite ms	Percen tage of Items	Rememb ering	Understa nding	Apply ing	Analyz ing	Eval uatin g	Creatin g
1. Naipapaliwanag ang mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino. 2. Naipapakita ang paggalang at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino.	1 - 5	5	12.5%	2	2	1	0	0	0
1. Natutukoy ang konsepto at prinsipyo ng pagkamamamayan. 2. Nasusuri ang mga batayan ng pagkamamamayang Pilipino. 3. Nasasabi kung sino ang mamamayang Pilipino.	6 - 10	5	12.5%	1	2	1	1	0	0
1. Natatalakay ang mga karapatan at tungkulin ng isang mamamayan.	11 - 15	5	12.5%	1	1	1	1	1	0

2. Naiisa-isa ang mga karapatan ng mamamayang Pilipino. 3. Napahahalagahan ang mga karapatan at tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino.									
1. Natatalakay ang mga karapatan at tungkulin ng isang mamamayan. 2. Naipapaliwanag ang karapatang sibil. 3. Natutukoy ang mga kaakibat na tungkulin ng isang mamamayan.	16 - 20	5	12.5%	1	2	1	1	0	0
1. Natatalakay ang mga karapatang politikal ng isang mamamayan 2. Natutukoy ang mga kaakibat na tungkulin ng bawat karapatang politikal 3. Naisasabalikat ang mga tungkulin para sa pagsulong sa karapatan, tungkulin at pagkakakilanlang Pilipino.	21 - 25	5	12.5%	0	1	1	1	1	1
1. Natatalakay ang konsepto ng karapatang panlipunan at pangkabuhayan 2. Natutukoy ang mga tungkulin ng karapatang panlipunan at pangkabuhayan 3. Naisasabalikat ang mga tungkulin kumikilala at nagsusulong sa karapatan, tungkulin,	26-30	5	12.5%	1	1	2	1	0	0

at pagkakakilanlang Pilipino									
1. Natatalakay ang konsepto ng kagalingang pansibiko. 2. Nabibigyan ng sariling pakahulugan ang kagalingang pansibiko. 3. Nakapagtatala ng mga halimbawa ng kagalingang pansibiko. 4. Natutukoy ang mabilisang epekto at matagalang epekto ng kagalingang pansibiko. 5. Napahahalagahan ang kagalingang pansibiko na ipinamamalas sa loob ng paaralan at sa komunidad na iyong kinabibilangan. 6. Nakagagawa ng mga basurahan sa tahanan upang mahimok ang mga kasapi ng pamilya na mag hiwa-hiwalay ng basura (segregation of waste). 7. Nakabubuo ng isang talaan ng mga tungkulin sa pamilya, paaralan, at komunidad na kinakikitaan ng kagalingang pansibiko.	31-35		12.5%	1	1	1	1	1	0
1. Naiisa-isa ang mga salik upang makamit ang kagalingang pansibiko. 2. Natatalakay ang kahalagahan ng kagalingang pansibiko	36-40		12.5%	0	1	1	1	1	1

3. Napahahalagahan ang papel na ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtaguyod ng karapatan at tungkulin tungo sa pagtamo ng kagalingang pansibiko 4. Natutukoy ang mga tungkulin ng mga mamamayan tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko. 5. Nakagagawa ng isang poster hinggil sa mga karapatan at tungkulin ng mga mamamayan tungkol sa pagtamo ng kagalingang pansibiko									
TOTAL		40	100%	7	11	9	7	4	2



Republic of the Philippines

Department of Education

Region _____

_____ ELEMENTARY SCHOOL

FOURTH PERIODICAL EXAMINATION IN AP 4

NAME: _____

DATE: _____

SCORE: _____

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong at piliin ang tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing sagisag ng ating bansa?

- A. Sarimanok
- B. Watawat ng Pilipinas
- C. Barong Tagalog
- D. Tinikling

2. Ano ang kahulugan ng asul na kulay sa watawat ng Pilipinas?

- A. Katapangan
- B. Kasaganaan
- C. Kapayapaan at pagkakaisa
- D. Kalayaan

3. Paano mo maipapakita ang paggalang sa Pambansang Awit ng Pilipinas?

- A. Patuloy na makipag-usap habang inaawit ito
- B. Manatiling nakaupo habang inaawit ito
- C. Sumayaw habang ito ay inaawit
- D. Tumayo nang tuwid at ilagay ang kanang kamay sa dibdib

4. Ano ang tamang gawin kung ang watawat ng Pilipinas ay lumang at sira na?

- A. Sunugin nang may paggalang
- B. Gamitin ito bilang dekorasyon
- C. Itapon ito sa basurahan
- D. Gupitin at gawing basahan

5. Alin sa mga sumusunod ang isang halimbawa ng pambansang sagisag ng Pilipinas?

- A. Mayon Volcano
- B. Philippine Eagle
- C. Banaue Rice Terraces
- D. Chocolate Hills

6. Ano ang kahulugan ng pagiging isang mamamayan?

- A. Isang taong nakatira sa isang bansa at may mga karapatan at tungkulin dito
- B. Isang dayuhang bumibisita sa ibang bansa
- C. Isang taong walang kinikilalang bansa
- D. Isang taong may negosyo sa ibang bansa

7. Alin sa mga sumusunod ang isang batayan ng pagkamamamayang Pilipino?

- A. Ang pagkakaroon ng maraming ari-arian sa Pilipinas
- B. Ang pagiging anak ng isang Pilipino
- C. Ang pagiging matagal nang naninirahan sa bansa
- D. Ang pagpunta sa Pilipinas bilang turista

8. Ano ang pangunahing tungkulin ng isang mamamayang Pilipino?

- A. Umalis sa bansa at manirahan sa ibang lugar
- B. Maging tamad at iwasan ang pagbabayad ng buwis
- C. Igalang ang batas at tumulong sa kaunlaran ng bansa
- D. Maging pasaway at hindi sumunod sa mga alituntunin

9. Sino sa mga sumusunod ang maaaring ituring na mamamayang Pilipino?

- A. Si Alex, na ipinanganak sa Pilipinas mula sa magulang na parehong Pilipino
- B. Si Ben, na ipinanganak sa ibang bansa at may dayuhang magulang
- C. Si Carla, na isang dayuhan na bumisita sa Pilipinas bilang turista
- D. Si Daniel, na may lahing Pilipino ngunit hindi naninirahan sa bansa

10. Ano ang isang karapatan ng mamamayang Pilipino?

- A. Magpasiya kung susunod o hindi sa batas
- B. Bumoto sa halalan at pumili ng mga pinuno
- C. Maging mamamayan ng maraming bansa nang sabay-sabay
- D. Hindi sumunod sa anumang tungkulin bilang mamamayan

11. Alin sa mga sumusunod ang isang pangunahing karapatan ng isang mamamayang Pilipino?

- A. Karapatang makapag-aral
- B. Karapatang manakit ng ibang tao
- C. Karapatang hindi sumunod sa batas
- D. Karapatang hindi magtrabaho

12. Ano ang ibig sabihin ng tungkulin ng isang mamamayan?
- A. Ang mga bagay na gustong gawin ng isang tao
 - B. Ang mga bagay na dapat gawin upang makatulong sa bansa
 - C. Ang mga bagay na pwedeng hindi sundin ng isang mamamayan
 - D. Ang mga pribilehiyong ibinibigay sa mga mayayaman
13. Alin sa mga sumusunod ang isang halimbawa ng pagtupad sa tungkulin bilang mamamayan?
- A. Pagtatapon ng basura kahit saan
 - B. Paggalang sa watawat at Pambansang Awit
 - C. Pagsira sa mga pampublikong kagamitan
 - D. Hindi pagbabayad ng buwis
14. Ano ang dapat gawin ng isang mamamayan kung may nakikitang lumalabag sa batas?
- A. Magbulag-bulagan at huwag makialam
 - B. Sumali sa paggawa ng mali upang hindi mapansin
 - C. Ipaalam sa tamang awtoridad o opisyal ng barangay
 - D. Gayahin ang maling gawain
15. Bakit mahalaga ang pagsunod sa mga batas ng bansa?
- A. Upang maiwasan ang gulo at mapanatili ang kaayusan
 - B. Upang makuha ang gusto ng bawat isa
 - C. Upang magkaroon ng pribilehiyo ang iilan
 - D. Upang makaiwas sa trabaho
16. Ano ang ibig sabihin ng karapatang sibil?
- A. Karapatang magtrabaho sa ibang bansa
 - B. Karapatang mabuhay, maging malaya, at maprotektahan ng batas
 - C. Karapatang magkaroon ng negosyo at maraming pera
 - D. Karapatang maging pinuno ng bansa
17. Alin sa mga sumusunod ang isang halimbawa ng karapatang sibil?
- A. Karapatang pumili ng relihiyon
 - B. Karapatang manakit ng ibang tao
 - C. Karapatang hindi sumunod sa batas
 - D. Karapatang kumuha ng gamit ng iba nang walang paalam
18. Ano ang isa sa mga pangunahing tungkulin ng isang mamamayan?
- A. Magsunog ng basura kahit saan
 - B. Sumunod sa mga batas ng bansa
 - C. Huwag pumasok sa paaralan
 - D. Maging tamad at hindi tumulong sa komunidad

19. Bakit mahalaga ang pagtupad sa tungkulin ng isang mamamayan?

- A. Upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa bansa
- B. Upang makuha ang lahat ng gusto
- C. Upang hindi na kailangang makipag-ugnayan sa iba
- D. Upang magkaroon ng mas maraming pribilehiyo kaysa sa iba

20. Ano ang dapat gawin ng isang mamamayan upang mapangalagaan ang kanyang mga karapatan?

- A. Huwag makialam sa mga isyu ng lipunan
- B. Huwag pansinin ang mga pang-aabuso sa paligid
- C. Gumawa ng mga ilegal na gawain
- D. Maging mapagmatyag at sumunod sa batas

21. Ano ang ibig sabihin ng karapatang politikal?

- A. Karapatan ng isang mamamayan na sumali sa pamahalaan at gumawa ng desisyon para sa bayan
- B. Karapatang pumili ng damit na isusuot araw-araw
- C. Karapatang magkaroon ng maraming pera
- D. Karapatang bumili ng lupa sa ibang bansa

22. Alin sa mga sumusunod ang isang halimbawa ng karapatang politikal?

- A. Karapatang bumoto sa eleksyon
- B. Karapatang pumili ng paboritong pagkain
- C. Karapatang bumili ng mamahaling gamit
- D. Karapatang maglaro ng kahit anong gusto

23. Ano ang tungkulin ng isang mamamayan kaugnay ng kanyang karapatang bumoto?

- A. Ibenta ang boto sa kandidatong magbibigay ng pera
- B. Bumoto nang tama at piliin ang kandidatong may mabuting layunin para sa bansa
- C. Iwasang bumoto upang hindi na mag-abala
- D. Piliin ang kandidatong pinili ng kanyang mga kaibigan nang hindi iniisip ang kanyang sariling opinyon

24. Paano maipapakita ng isang mamamayan ang kanyang pananagutan sa kanyang karapatang politikal?

- A. Pagsunod sa mga batas at paggalang sa mga halal na pinuno
- B. Pagtatago ng mga krimen na nagaganap sa paligid
- C. Paglabag sa mga batas para sa sariling kapakanan
- D. Hindi paglahok sa mga usaping pampulitika

25. Bakit mahalaga ang pagganap sa mga tungkulin bilang mamamayan sa pagsulong ng karapatan at pagkakakilanlang Pilipino?

- A. Upang mapanatili ang kaayusan at kalayaan sa bansa
- B. Upang magkaroon ng espesyal na pribilehiyo kaysa sa iba
- C. Upang hindi na kailangang makilahok sa mga gawaing pampubliko
- D. Upang mapabayaan ang bansa at hayaang gumana ito nang mag-isa

26. Ano ang ibig sabihin ng karapatang panlipunan?

- A. Karapatang magkaroon ng mga mamahaling gamit
- B. Karapatang makisali sa lipunan at makinabang sa mga serbisyong panlipunan
- C. Karapatang bumili ng kahit anong nais
- D. Karapatang manirahan sa ibang bansa

27. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng karapatang pangkabuhayan?

- A. Karapatang makatanggap ng edukasyon at serbisyong pangkalusugan
- B. Karapatang magkaroon ng hanapbuhay at maayos na kondisyon sa trabaho
- C. Karapatang bumoto sa eleksyon
- D. Karapatang mamili ng paboritong pagkain

28. Ano ang tungkulin ng isang mamamayan kaugnay ng kanyang karapatang panlipunan?

- A. Maging responsable sa paggamit ng mga pampublikong serbisyo tulad ng ospital at paaralan
- B. Huwag gumamit ng pampublikong serbisyo kahit nangangailangan
- C. Manatili sa bahay at huwag makihalubilo sa lipunan
- D. Gamitin ang pampublikong serbisyo nang hindi nagbabayad ng buwis

29. Paano maipapakita ng isang mamamayan ang kanyang pananagutan sa kanyang karapatang pangkabuhayan?

- A. Pagiging tamad sa trabaho
- B. Pagtatayo ng negosyo o pagsisikap sa trabaho upang makatulong sa ekonomiya
- C. Pag-iwas sa pagbabayad ng buwis
- D. Pag-aasa lamang sa tulong ng gobyerno

30. Bakit mahalaga ang pagsunod sa tungkulin bilang mamamayan upang maisulong ang karapatang panlipunan at pangkabuhayan?

- A. Upang mapanatili ang kaayusan at matiyak ang pantay na oportunidad para sa lahat
- B. Upang makinabang lamang sa mga benepisyo ng gobyerno
- C. Upang makaiwas sa pananagutan sa lipunan
- D. Upang magkaroon ng mas maraming pera kaysa sa iba

31. Ano ang ibig sabihin ng kagalingang pansibiko?
- A. Ang pagiging mayaman at makapangyarihan sa lipunan
 - B. Ang pagiging masipag sa trabaho upang magkaroon ng maraming pera
 - C. Ang pagiging mabuting mamamayan na may malasakit sa kapwa at sa komunidad
 - D. Ang pagiging masaya sa mga ginagawa araw-araw
32. Alin sa mga sumusunod ang isang halimbawa ng kagalingang pansibiko?
- A. Pagtatapon ng basura kahit saan basta't walang nakakakita
 - B. Pagtulong sa paglilinis ng paaralan at komunidad
 - C. Pagsira ng mga halaman sa parke
 - D. Pagtatago ng kaalaman upang hindi makinabang ang iba
33. Ano ang isang mabilisang epekto ng kagalingang pansibiko?
- A. Nagiging magulo at madumi ang kapaligiran
 - B. Nagiging mas maayos at malinis ang paligid
 - C. Hindi na kailangang sumunod sa mga batas
 - D. Tumitigil ang mga serbisyo ng pamahalaan
34. Paano mo maipapakita ang kagalingang pansibiko sa tahanan?
- A. Pagtatapon ng basura sa tamang basurahan at paghihiwalay ng basura
 - B. Pagsasabi ng masasakit na salita sa kapatid
 - C. Pagtanggong tumulong sa gawaing bahay
 - D. Pagpapabaya sa mga gamit sa bahay
35. Bakit mahalaga ang pagsasabuhay ng kagalingang pansibiko sa paaralan at komunidad?
- A. Upang makilala at purihin ng maraming tao
 - B. Upang magkaroon ng maayos, malinis, at maunlad na lipunan
 - C. Upang hindi na sumunod sa mga alituntunin
 - D. Upang mapilitan ang iba na gawin din ito
36. Alin sa mga sumusunod ang HINDI salik upang makamit ang kagalingang pansibiko?
- A. Pagtutulungan ng mga mamamayan sa pag-unlad ng komunidad
 - B. Paggalang sa karapatan at tungkulin ng bawat isa
 - C. Pagsuway sa mga batas at alituntunin ng komunidad
 - D. Paglahok sa mga proyektong pangkaunlaran ng barangay
37. Bakit mahalaga ang kagalingang pansibiko sa isang lipunan?
- A. Dahil ito ay nagpapalakas ng pagkakaisa at pag-unlad ng bayan
 - B. Dahil ito ay nagbibigay ng kapangyarihan sa ilang tao
 - C. Dahil ito ay nagpapahintulot sa tao na huwag sumunod sa batas
 - D. Dahil ito ay isang paraan upang maging tanyag sa lipunan

38. Paano maaaring makatulong ang isang mamamayan sa pagtaguyod ng kagalingang pansibiko?

- A. Sa pamamagitan ng hindi pagbabayad ng buwis
- B. Sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga programa ng gobyerno at komunidad
- C. Sa pamamagitan ng pag-iwas sa responsibilidad bilang mamamayan
- D. Sa pamamagitan ng hindi paggalang sa karapatan ng iba

39. Alin sa mga sumusunod ang isang tungkulin ng mamamayan upang mapanatili ang kagalingang pansibiko?

- A. Pagtapon ng basura sa ilog upang hindi ito makaipon sa bahay
- B. Pakikiisa sa mga programang pangkapayapaan at pangkaunlaran ng pamayanan
- C. Pagsira sa mga pampublikong pasilidad tulad ng parke at waiting shed
- D. Pagpapalaganap ng maling impormasyon sa social media

40. Ano ang pinakamabisang paraan upang maipakita ang mga karapatan at tungkulin ng mamamayan sa kagalingang pansibiko?

- A. Paggawa ng poster na nagpapakita ng mga tamang gawi ng isang mabuting mamamayan
- B. Pagsulat ng masasamang komento tungkol sa pamahalaan sa social media
- C. Pagsuway sa batas upang mas maging malaya
- D. Pag-iwas sa pakikilahok sa mga aktibidad ng komunidad

ANSWER KEYS:

1. B
2. C
3. D
4. A
5. B
6. A
7. B
8. C
9. A
10. B
11. A
12. B
13. B
14. C
15. A
16. B
17. A
18. B
19. A
20. D
21. A
22. A
23. B
24. A
25. A
26. B
27. B
28. A
29. B
30. A
31. C
32. B
33. B
34. A
35. B
36. C
37. A
38. B
39. B

40. A